

JULY 2024 ISSUE



IMUS, MAHAL KONG BAYAN BANAAAG

OFFICIAL NEWSLETTER PUBLICATION OF THE CITY GOVERNMENT OF IMUS



TATLONG BAGONG PAMPUBLIKONG PAARALAN PINASINAYAAN NG IMUS LGU

Magkakasunod na pinasinayaan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna nina Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, at ng Department of Education, ang tatlong bagong pampublikong paaralan sa mga barangay Malagasang at Maharlika nitong Hulyo 26, 2024, ilang araw bago magsimula ang pasukan sa mgta pampublikong paaralan.

Una nang pinasinayaan ang Francisca Tirona Benitez Integrated School sa Jade Subdivision, Brgy. Malagasang I-D, sinundan ng City of Imus Integrated School sa Greengate Homes, Brgy. Malagasang II-A, at panghuli ang Anastacio Advincula Integrated School sa Brgy. Maharlika.

Nakatayo sa 1.8 ektaryang lupain ang apat na palapag na gusali ng Anastacio Advincula Integrated School na kinabibilangan ng 20 silid-aralan.

Pareho namang itinatag sa 5,000 sq. m. na lupain ang apat na palapag na gusali ng Francisca Tirona Benitez Integrated School na mayroong 16 na silid-aralan at ng City of Imus Integrated School na mayroong dalawang apat na palapag na gusali na kinabibilangan ng 12 at 20 silid-aralan.

Kasama rin sa pagpapasinaya sina Board Member Shernan Jaro, Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Konsehal Lloyd Jaro, Konsehal Yen Saquilayan, Konsehal Jelyn Maliksi, Konsehal Dennis Lacson, Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Enzo Asistio, Konsehal Igi Revilla, Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office Command Center Manager AJ Sapitan Jr., Schools Division Superintendent Homer Mendoza, at ang DepEd Imus.

Kasabay rin sa kaganapan ang pagbabasbas, ang paghahawi ng tabing ng mga marker, at ang key turnover.



CITY GOVERNMENT OF IMUS
facebook.com/CityOfImus



IKA-125 ANIBERSARYO NG KAPANGANAKAN NI DR. VIRATA GINUNITA

Ipinagdiwang ng Pamahalaang Lungsod ng Imus noong Hulyo 14, 2024 sa tahanan ng pamilya Virata sa Brgy. Medicion II-C ang paggunita saika-125 anibersaryo ng kapanganakan ni Dr. Enrique T. Virata, isang Imuseño at kilalang edukador, matematiko, at estadistiko.

Isang maikling programa ang inihanda ng Imus City Tourism and Heritage Office (CTHO) bilang pag-alala sa kaniyang buhay at ang hindi matatawarang kontribusyon niya sa historya ng Pilipinas, higit sa larangan ng istatistika.

Ang pagdiriwang ay pinangunahan ng kaniyang anak na si dating Prime Minister of the Philippines at tagapangulo ng Cavite Historical Society, His Excellency Cesar E.A. Virata, na nagbahagi ng isang mensahe.

Nagbigay rin ng pambating pambungad si City Administrator Tito Monzon bilang kinatawan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, isang mensaheng pagbati naman and nagmula kay Shrine Curator II Ahzel Miral ng Museo ni Baldomero Aguinaldo, habang isinalaysay ni Konsehal Jelyn Maliksi ang talambuhay ni Dr. Virata.

Nagsagawa naman ng pag-aalay ng bulaklak ang Imus Philippine National Police sa pangunguna ni PLTCOL Louie Dionglay.

Nakasama rin dito sina Dr. Arlene Abella-Sauña, trustee ng Imus Historical Society, Konsehal Dennis Lacson, Imus CTHO Officer-in-Charge Dr. Jun Paredes, Pastor Conrado Perez ng Imus City Chaplain, at mga kaanak ni Dr. Virata.

Ipinanganak si Enrique Topacio Virata noong Hulyo 14, 1899, sa Imus, Cavite sa mga Imuseñong sina Luis Virata at Maria Salome Topacio. Nagtapos siya ng kursong Bachelor of Arts sa Unibersidad ng Pilipinas, Bachelor of Science sa Harvard University, at Ph.D. sa John Hopkins University.

Isa si Dr. Virata sa mga tagapagtatag ng Philippine Statistics Association noong 1952 at naging unang direktor ng Statistics Training Center sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) noong 1953. Pinarangalan din siya ng honorary degree na Doctor of Laws at UP Vice President Emeritus ng nasabing unibersidad na kumikilala sa kaniyang mga naiambag bilang propesor.

Pumanaw si Dr. Enrique T. Virata noong Hunyo 4, 1974, sa edad na 75 taon.





PAGBISITA NI MAYOR AA SA IMUS PILOT AT CAYETANO TOPACIO ELEMENTARY SCHOOL

Sinalubong nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Committee Chairperson on Education Konsehal Igi Revilla Ocampo ang mga mag-aaral ng Imus Pilot Elementary School at Cayetano Topacio Elementary School sa pagsisimula ng pasukan nitong Hulyo 29, 2024.





DENGUE MISTING SA IMUS NAGSIMULA NA

Personal na iginawad ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang 97 misting machines sa bawat barangay sa Imus noong Hulyo 15, 2024, sa New Imus City Government Center.

Ayon kay Mayor AA, nakababahala ang patuloy na pagtaas ng mga kaso ng dengue sa lungsod. Kaya hinihikayat niya ang mga mamamayang makiisa sa paglilinis ng kani-kanilang mga tahanan at kapaligiran tuwing ikaapat ng hapon.

Agaran namang nagsagawa ng misting ang ilang mga barangay sa Imus matapos matanggap ang mga misting machine. Isa lamang ang misting sa mga solusyon laban sa pagkalat ng mga lamok na may dala ngdengue virus.

Inaabisuhan pa rin ang publiko na tukuyin at sirain ang mga lugar na pinamumugaran ng mga lamok na may dalang virus. Protektahan ang sarili sa pamamagitan ng paggamit ng mosquito repellent at iba pang preventive measures. Agarang magpakonsulta sa pinakamalapit na health center sa oras na makaranas ng mga sintomas na may kaugnayan dito.

Ilan sa mga sintomas ng dengue ay ang mataas na lagnat sa loob ng dalawa hanggang pitong araw, pananakit ng kalamnan at kasukasan, panghihina, pagkawala ng ganang kumain, pamumula ng balat, pananakit ng tiyan at pagsusuka, at pagdurugo ng ilong at gilagid.



BASIC COMPUTER SKILLS NATUTUNAN NG 13 PWD

Sa pagtutulungan ng Imus City Public Library (ICPL) at Persons with Disability Affairs Office (PDAO), sumailalim sa Basic Computer Literacy Training ang 13 Imuseñong may kapansanan nitong Hulyo 16, 2024, bilang bahagi ng pagdiriwang ng National Disability Rights Week ngayong linggo.

Katuwang sina Maria Arianna Camille Dela Cruz at Maria Isidra Bergunder ng Provincial Information Communications and Technology Office, naituro sa mga kalahok ang basic computer skills at ang paggawa ng maayos na résumé.

Ang Digital Literacy Training ay isa sa mga programa ng ICPL na may layuning maitaguyod ang sapat at nararapat na kaalaman sa modernong teknolohiya upang makasabay ang mga Imuseño.

Batay sa Proclamation No. 597, s. 2024, ipinagdiriwang ang National Disability Rights Week (formerly National Disability Prevention and Rehabilitation Week) tuwing Hulyo 17 hanggang 23 para sa patuloy na pagsusulong ng pantay na pagtingin at karapatan sa mga taong may kapansanan.





MAYOR AA: EDUKASYON ANG SUSI SA KAHIRAPAN

Patuloy na naniniwala si City Mayor Alex “AA” L. Advincula na ang edukasyon ang susi sa kahirapan sa kaniyang mensahe sa kickoff ceremony ng Brigada Eskwela 2024 sa Lungsod ng Imus nitong Hulyo 19, 2024 na ginanap sa Alapan I Elementary School.

“Naniniwala po ang inyong alkalde, edukasyon ang susi sa kahirapan. Naniniwala po ako, dyan nag-uumpisa ang magagandang pangarap sa magandang edukasyon,” ani Mayor AA.

Sa kabila ng pagtaas ng kalidad ng edukasyon sa mga pampublikong paaralan, batid niya ang kakulangan sa mga silid-aralan.

“Nakita ko po na magagaling talaga ‘yung mga teachers natin sa public school. Ibang-iba na ngayon hindi tulad nu’ng araw . . . Although may kakulangan tayo sa silid aralan, kaya pag-upong-pag-upo ko po talaga, [pinilit] kong magkaroon ng mga bagong paaralan sa ating lungsod.” dagdag pa ng alkalde.

Katuwang si Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula, tatlong malalaking pampublikong paaralan ang pasisinayaan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus kasabay ng balik-eskwela.

“At ngayon po, ibabalita ko po sa ating mga kababayan, sa darating na pasukan, may tatlo po tayong malalaking eskwelahan na bubuksan sa ating lungsod ng Imus . . . Ang ating Congressman ang masipag na nanghihingi ng mga classroom. Kaya ‘yung bagong tatlong classroom na ‘to, halos lahat si Congressman AJ Advincula ang nanghingi sa national government ng pondo.” ulat ni Mayor AA.

Ang mga naturang pampublikong paaralan ay ang Francisca Tirona Benitez Integrated School sa Jade Subdivision, Brgy. Malagasang I-D, City of Imus Integrated School sa Greengate Homes, Brgy. Malagasang II-A, at Anastacio Advincula Integrated School sa Brgy. Maharlika.

Dagdag pa niya na patuloy ang pagsusumikap ng lokal na pamahalaan na mapaganda pa at mapanumbalik ang pagtatanim ng mga binhi ng mga gulay sa mga pampublikong paaralan, partikular na sa Alapan I Elementary School.

“At sa susunod na taon, itong Alapan Elementary School na ‘to, magkakaron po ng extension . . . para mas lumaki ang eskwelahan dito sa Alapan area . . . Ibalik natin sa agri, dito may potensyal ang Pilipinas. Kailangan marunong magtanim ang mga bata, hindi lang puro computer ang hinahawakan . . . magtanim sila para matuto silang magkaroon ng maayos na pagkain sa kanilang hapagkainan.”

Hangad din ni Mayor AA ang patuloy na pagmamahal ng mga Imuseño sa lungsod para sa magandang kinabukasan ng mga kabataan.

“Sana po ay patuloy nating mahalin ang ating pamayanan, na ating paaralan. Ang bawat gagawin natin ay tulong sa kinabukasan ng mga batang papasok at mag-aaral dito sa paaralang ito.”

Kaagapay rin sa pagsisimula ng Brigada Eskwela ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus na pinangungunahan ni City Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan.

Dagdag pa niya na patuloy ang pagsusumikap ng lokal na pamahalaan na mapaganda pa at mapanumbalik ang pagtatanim ng mga binhi ng mga gulay sa mga pampublikong paaralan, partikular na sa Alapan I Elementary School.


“At sa susunod na taon, itong Alapan Elementary School na ‘to, magkakaron po ng extension . . . para mas lumaki ang eskwelahan dito sa Alapan area . . . Ibalik natin sa agri, dito may potensyal ang Pilipinas. Kailangan marunong magtanim ang mga bata, hindi lang puro computer ang hinahawakan . . . magtanim sila para matuto silang magkaroon ng maayos na pagkain sa kanilang hapagkainan.”

Hangad din ni Mayor AA ang patuloy na pagmamahal ng mga Imuseño sa lungsod para sa magandang kinabukasan ng mga kabataan.

“Sana po ay patuloy nating mahalin ang ating pamayanan, na ating paaralan. Ang bawat gagawin natin ay tulong sa kinabukasan ng mga batang papasok at mag-aaral dito sa paaralang ito.”

Kaagapay rin sa pagsisimula ng Brigada Eskwela ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus na pinangungunahan ni City Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan.





MAYOR AA, CONG. AJ BINISITA ANG MGA LUMIKAS NA PAMILYA DULOT NG HABAGAT, BAGYONG CARINA

Personal na kinumusta nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula nitong Hulyo 23–26, 2024, ang mga pamilyang labis na naapektuhan dahil sa pananalasa ng habagat na pinalakas ng Bagyong Carina.

Una nang dinalaw ni Mayor AA ang 28 pamilyang pansamantalang nanuluyan sa Tinabunan Elementary School. Nag-ikot din siya sa Brgy. Pag-asa III at nakipag-ugnayan sa MPT South Management Corporation CALAX at Department of Public Works and Highways upang masolusyonan ang madalas na pagbaha sa mga barangay Medicion at Pag-asa.

Ininspeksyon din ng alkalde ang relief goods na ipinamamahagi ng Pamahalaang Lungsod, gayon din ang mga floatation device, rescue boat, at iba pang search and rescue equipment na nasa pangangalaga ng Imus City Disaster Risk Reduction and Management Council.

Namahagi rin ng bigas at food pack sina Mayor AA at Cong. AJ sa mga residente ng mga Brgy. Medicion II-A, II-B, II-C, at II-E noong Hulyo 26.



127 BINHI NG BANABA, ITINANIM NG IMUS LGU



Inilunsad nitong Hulyo 13, 2024 ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang City Greening Program sa pagtatanim ng 127 binhi ng banaba sa kahabaan ng Advincula Road, Brgy. Pasong Buaya I. Ito ay pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula katuwang ang City Environment and Natural Resources Office.

Bahagi rin sina Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Enzo Asistio, City Disaster Risk Reduction and Management Officer Marisel Cayetano, Pasong Buaya I Brgy. Captain Wilfredo Ramos, Anabu I-G Brgy. Captain Robinson Silla, at sina JSINSP Roger B. Almoradie Jr. at SJO2 Annaliza A. Arabani ng Imus Bureau of Jail Management and Penology sa nasabing aktibidad ng pagtatanim ng puno ng banaba.

Pinasasalamatan din ng Pamahalaang Lungsod sina HR and GS Division Jocelyn Deluta, Procurement Manager Melanie Sañosa, at Revenue Officer Mary Iumin ng BP Waterworks, JM Purificacion Chief Executive Officer/Owner Jason Minaldo Purificacion, The District Imus Chief Engineer Miko Destajo, Project Human Resource Officer Aris Joy Bautista ng Makati Development Center, at Pollution Control and Safety Officer, EMS Chair Abram B. Giron ng San Miguel Yamamura Packaging Corporation.

Layon ng nasabing tree planting na mahikayat pa ang mga Imuseño na makiisa sa mga gawaing makabubuti sa kapaligiran at makatutulong sa kalikasan.

EDITORIAL BOARD

Editor-in-Chief: Ervin Ace H. Navarette

Managing Editor: Nikki Elline C. Barco

Head Writer: Francesca Mandac

Art Directors: Christian Yunson

Photo Credits: City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman



Inilathala ng:
IMUS CITY INFORMATION OFFICE

2F Imus City Government Center

Email:
imuscityinformationoffice@gmail.com

www.cityofimus.gov.ph